

Per quem maiestatem tuam
laudant Angeli, adorant
Dominaciones, tremunt
Potestates. Caeli calorumque
Virtutes, ac beata Seraphim,
socia exultatione concelibrant.
Cum quibus et nostras voces ut
admitti iubeas, deprecamur,
suppliciter confessione dicentes:
— Sanctus, Sanctus,
Sanctus...

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 8:2

DÓMINE, Dominus noster,
quam admirabile est nomen
tuum in universa terra!

Kaya sa pamamagitan Niya, ang makapal na
mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng
mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at
sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi
rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin
ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama
nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay
ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo,
Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

O PANGINOON naming Dios, kaydakila ng
'yong pangalan sa buong sangkalupaan!

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

HÆC nos commúnio, Dómine,
purget a crimine : et cælestis
remédii faciát esse consórtes. Per
Dominum.

ITONG aming pakikinabang, o Panginoon, ay
magdulot nawa ng pagkadalisa'y namin mula sa
kasalanan, nang kami ay makiisa sa makalangit
na paglulunas. Alang-alang kay Jesucristong
Panginoon namin...

*Sa dakong Paghayo at Pagbabasbas sa katapusan ng Misa, haharap ang pari sa bayan, sasabihin
ang mga katagang "Humiliáte cápita vestra Deo" (Iyuko niyo ang inyong mga ulo sa
Dios.)*

PAGPAPANALANGIN SA SAMBAYANAN

ADÉSTO supplicatió nibus
nostris, omnípotens Deus : et,
quibus fidúciám sperándæ
pietátis indúlges; consuétæ
misericórdiæ tríbue benígnus
efféctum. Per Dominum.

PAKINGGAN mo nawa ang aming
pagsusumamo, o Dios na makapangyarihan sa
tanang, at nawa'y buong-inam mong igawad ang
iyong awa tulad ng iyong nakagawian sa iyong
mga lingkod na binigyan mo ng dakilang pag-
asa sa iyong kabutihan. Alang-alang kay
Jesucristong Panginoon namin...

Hermandad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022
Comision Para sa Pagsasalin

LUNES

MAKARAAN ANG IKALAWANG LINGGO NG CUARESMA

Misa "Redime"

• III cl. • Simple • Lila

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 25:11-12

RÉDIME me, Dómine, et
miserére mei : pes enim meus
stetit in via recta : in ecclésiis
benedicam Dóminum. — *Ps*
25:1 Júdica me, Dómine,
quóniam ego in innocéntia mea
ingréssus sum : et in Dómino
sperans, non infirmábor. *V.*
Gloria Patri. Redime me...

TUBUSIN ako't kaawaan mo Panginoon,
sapagkat ako'y marangal na namumuhay. Sa
patag na lupa nakatuntong ang aking mga paa.
Pupurihin ko ang Panginoon sa simbaha't
madla. — *Salmo 25:1* Bigyang katarungan ako,
Panginoon, pagkat nabuhay akong marangal.
Sa Panginoon ako nagtiwala nang walang
alinlangan. *V.* Luwalhati sa Ama. — Tubusin...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

PRÆSTA, quaésumus,
omnípotens Deus : ut fámilia
tua, quæ se, affligéndo carnem,
ab aliméntis ábstinet : sectándo
justítiam, a culpa jejúnet. Per
Dóminum.

HINIHING namin, O Dios na tanang
makapangyarihan, na itong iyong bayan na
sinusupil ang kanilang pangangatawan sa
pamamagitan ng pag-aayuno, ay magsumikap
nawa sa kabanalan bunga sa kanilang pangilin.
Alang-alang kay Jesucristong Panginoon
namin...

*Sa Misa ngayong araw, idaragdagag ang ika-2 panalangin, "Upang Hingin Ang
Pamamagitan Ng Mga Banal"; ika-3 panalangin, "Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga
Yumao."*

PAGBASA • Dan 9:15-19

Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Daniel.

NOONG MGA ARAW NA YAON: Nanalangin si Daniel sa Panginoon at sinabi:
Panginoong aming Dios na humango sa amin sa pagkaalipin sa Ehipto at
natanyag hanggang sa araw na ito, kinikilala namin ang aming pagkakasala sa iyo.
Alang-alang sa iyong awa, ilayo mo ang iyong poot sa Jerusalem na iyong lungsod at
banal na bundok. Dahil sa pagkakasala namin at ng aming mga ninuno, inaalipusta
ang Jerusalem at ang bayan mo ng lahat ng nakapaligid sa amin. Kaya nga, aming
Dios, dinggin mo ang dalangin at hiling ng iyong lingkod. Pagliwanagin mo ang
iyong mukha sa iyong nagdilim na santuario.

Dios ko, pakinggan at masdan mo kung paano gumuguhong ang lungsod na pinagpahayagan ng iyong pangalan. Hindi kami nananalig sa aming mabubuting gawa, kaya dumadalangin kami sa iyo at nananalig sa iyong walang hanggang awa. Dinggin mo kami, Panginoon! Patawarin mo kami, Panginoon! Kumilos ka agad, aming Dios, alang-alang sa iyo, yayamang taglay ng lungsod at ng iyong bayan ang Pangalan mo, o Panginoong Dios namin. — *R. Salamat sa Dios.*

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 69:6, 3

ADJÚTOR meus et liberátor meus esto : Dómine, ne tardáveris.

V. Confundántur et revearéntur inimíci mei, qui quærunt ánimam meam.

TAGATULONG ko at tagapagpalaya ko ang Poon; huwag nawa akong siphayuin.

V. Mangalito at magsikalat nawa ang lahat ng mga kaaway ko na humahanap at susupil sa aking kaluluwa!

TRACTO • Ps 102: 10, 78: 8, 9

DOMINE, non secúndum peccáta nostra, quæ fécimur nos: neque secúndum iniquitátes nostras retríbuas nobis

V. Dómine, ne memíneris iniquitátum nostrárum antiquárum: cito antícipent nos misericórdiæ tuæ, quia páuperes facti sumus nimis.

V. (Hic genuflectitur) Adiuva nos, Deus, salutáris noster: et propter glóriam nóminis tui, Dómine, líbera nos: et propítius esto peccátis nostris, propter nomen tuum.

O POON, huwag sana kayo makiugnay sa amin ayon sa kasalanan namin, ni kami'y singilin ayon sa aming pagkukulang.

V. Huwag niyong tandaan nawa ang kasalanan naming lumipas, at sumapit nawa sa amin ang iyong awa, sapagkat kami'y sayad na sayad na.

V. (Dito'y maniklubod) Tulungan mo kami, Dios naming tagapagligtas, alang-alang sa ikaluluwalhati ng pangalan mo, iligtas mo kami: at tubusin sa aming mga kasalanan alang-alang sa iyong pangalan.

EBANGHELYO • Jn 8:21-29

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHONG IYON: Sinabi ni Jesús sa hurunghurong na mga Judío: “Aalis ako at hahanapin ninyo ako, at sa inyong kasalanan kayo mamamatay. Kung saan ako pupunta, hindi kayo makaparoroon.” Kaya sinabi ng mga Judío: “Magpapakamatay kaya siya kaya niya sinasabing ‘Kung saan ako pupunta, hindi kayo makaparoroon?’” At sinabi ni Jesús sa kanila: “Taga-ibaba kayo; taga-itaas naman ako. Taga-mundong ito kayo. Hindi ako taga-mundong ito.

Kaya sinabi ko sa inyo na sa inyong mga kasalanan kayo mamamatay. Sa inyong mga kasalanan nga kayo mamamatay kung hindi kayo maniniwalang Ako Siya. At sinabi nila sa kanya: “Sino ka ba?” sinabi naman sa kanila ni Jesús: “Ba’t pa kaya ako mangungusap sa inyo? Marami akong masasabi at mahuhukuman tungkol sa inyo. Totoo nga ang nagpadala sa akin; at ang narinig ko mula sa kanya – ang mga ito ang sinasabi ko sa mundo.” Hindi nila naintindihan na ang Ama ang tinutukoy niya. At sinabi ni Jesús: “Kapag itinaas ninyo ang Anak ng Tao, maiintindihan ninyong Ako siya at wala akong ginagawa sa ganang sarili ko kundi ayon sa inialar sa aking ng Ama – ang mga ito ang aking sinasabi. Kasama ko nga ang nagpadala sa akin at hindi niya ako iniwang nag-iisa pagkat lagi kong ginagawa ang mga kalugud-lugod sa kanya.” — *R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 15:7-8

BENEDÍCAM Dóminum, qui tribuit mihi intelléctum : providébam Dóminum in conspéctu meo semper : quóniam a dextris est mihi, ne commóvear.

PUPURIHIN ko ang Panginoon, siya ang aking tagapayo; kahit na sa gabi, pinagsasabihan ako ng aking puso. Lagi nang sa Panginoon nakatuon ang aking paningin; at dahil siya ang nasa aking kanan, di ako mababagabag.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

HÆC hóstia, Dómine, placatiónis et laudis, tua nos protectiône dignos efficiat. Per Dominum.

NAWA'Y itong mga handog ng paghahain na pampalubag at pasasalamat, o Panginoon, ay gawin kaming karapat-dapat sa iyong pagkalinga. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO NG KWARESMA

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnípotens, ætérne Deus.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Qui corporáli ieiúnió vítia cómprimis, mentem élevas, virtútem largís et prámia: per Christum Dóminum nostrum.

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan, sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng lakas at ginagagantimpalaan, alang-alang kay Cristong aming Panginoon.